**6**

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS (USLeM)

# FILIPINO 6


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat | Wilma B. Orjaleza |
| Tagasuri ng Wika: | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS SDO Pasay City |
| Tagasuri ng Nilalalman: | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS SDO Pasay City |
| Management Team: | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City |
| | Dr. Arturo A. Tolentino, OIC ASDS- Pasay City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR |
| | Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino - NCR |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR |
| | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS SDO Pasay |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City |
| | Marvin D.J. Villafuerte, PDO II SDO Pasay City |



(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

**ARALIN 6: Pagsulat ng Ulat, Balitang Pang-Isport, Liham sa Editor, Iskrip para sa Radio Broadcasting at Teleradyo**

**Inaasahan:**

Pagkatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

Nakasusulat ng ulat, balitang pang –isport, liham sa editor, iskrip sa radio broadcasting at teleradyo.

# Unang Pagsubok

**Panuto: Isaayos ang mga letra upang mabuo ang sagot.**

1.Ito ay mabisang paraan ng pakikipagtalastasan.

**A M H L I**

2. Isang anyo ng pagpapahayag, na maaaring pasulat o pasalita na may layuning magpaabot ng makabuluhang impormasyon.

**A T L U**

3. Balita tungkol sa iba't ibang uri ng laro na naglalahad ng maaksiyong mga pangyayari .

**S B L A**


**I O T P R G**

**N A I T S**

4. Gabay na ginagamit sa broadcasting na binabasa ng mga anchor o direktor.




5. Liham na naglalaman ng iyong pananaw tungkol sa isang isyu.




# Balik-Tanaw

**Panuto: Pag-aralan ang grap at sagutin ang mga tanong**

**Mga Nakuhang Itlog ng Manok ni Jude sa Loob ng Isang Linggo**

| | |
|---|---|
| Lunes | ○ ○ ○ |
| Martes | ○ ○ |
| Miyerkoles | ○ ○ ○ |
| Huwebes | ○ |
| Biyernes | ○ ○ ○ ○ |
| Sabado | ○ ○ ○ |
| Linggo | ○ ○ ○ ○ ○ |

Bawat ○ = katumbas ng 2 itlog

1.Ilang itlog ang nakuha ni Ruben sa araw ng Miyerkoles?
A. 4 C. 8
B. 6 D.10

2. Anong araw ang may pinakakaunting itlog ang mga manok ni Jude.
A. Lunes C. Huwebes
B. Linggo D. Miyerkoles

3. Anong araw ang may pinakamaraming itlog na nakuha si Jude?
A. Lunes C.Huwebes
B. Martes D.Linggo

4. Ilang itlog ang nakuha ni Jude sa loob ng isang linggo?
A. 42 C. 34
B. 24 D. 44

5. Anong impormasyon ang ipinapakita ng grap?
A. Ang araw na may itlog ang manok.
B. Magkapareho ang dami ng itlog sa bawat araw.
C. Mga nakuhang itlog ng manok ni Jude sa loob ng isang Linggo.
D. Ang araw na may pinakamaraming nakuhang itlog ng manok si Jude.

# Maikling Pagpapakilala ng aralin

## ❖ Ulat

Isang anyo ng pagpapahayag na maaaring pasalita o pasulat na may layuning magpaabot ng makabuluhang impormasyon

> Ayon sa nakaraang *statistics* ng mga estudyanteng nag-aaral nang mabuti at sa *statistics at survey* na naisagawa ngayon, tunay nga na sumulong o tumaas at nagpakita ng progreso, sampung beses ang itinaas ng estadistika ngayon at patuloy pa ang pagtaas nito
>
> source..Brainly .ph

## ❖ <u>Liham sa Editor o Patnugot</u>

Ang editor o patnugot ang tagasulat ng pangulong- tudling o editoryal. Sa iyong pagsulat sa editor mahalagang malaman ang mga kadahilanan ng iyong pagsulat at

direktang natutukoy ang mga hangarin, mga nais suportahan, pagbati sa isang tao o grupo at pagwawasto sa mga maling impormasyong nailathala sa isang pahayagan.

**Halimbawa.**

Mayo 5, 2021
Dasmarinas, Cavite

G. Patnugot
Manila Bulletin
Recolitos St., Intramuros, Manila

Ginoong Patnugot:

Nakaaantig ng puso ang mga kabutihang ipinapakita ng ilan nating mga kababayan upang makapag-abot ng tulong sa mga nangangailangan lalo ngayong panahon ng pandemya.

Nakatutuwa sapagkat gumagawa sila ng paraan upang makatulong lamang sa mga taong tunay na nangangailangan ng tulong at pagkalinga.Talagang naipakita nila ang tunay na kahulugan ng pagmamalasakit sa kapwa.

Gayonpaman, may ilan pa rin tayong mga nakaririwasang kababayan na tila bulag at bingi sa hinaing ng mga kapus-palad.Hangad ko na sana'y buksan din nila ang kanilang puso at mag-abot ng kaunting tulong sa mahihirap.

Lubos na Gumagalang,

<u>JEAO DE LA PAZ</u>

## ❖ **Balitang Isports**

Ang balitang isports o pampalakasan ay isang uri ng tanging balita tungkol sa iba't ibang uri ng laro na naglalahad ng maaksiyong mga pangyayari at nagtatampok sa lahat ng mga detalye at impormasyong may kinalaman dito.

### Mga dapat tandaan sa pagsulat ng balitang isports

1. Sumasagot sa mga tanong na ano, sino, saan, kailan, bakit at paano
2. Nagtataglay ng kapana-panabik na panimula na naglalarawan ng kilos at paglalaban
3. Gumagamit ng natatanging uri ng talasalitaan (sports lingo) na hindi kaagad mauunawaan ng mga karaniwang mambabasa tulad ng pinatumba, ginupo, nilampaso, pinulbos, tinambakan, pinaluhod, nagapi, hinagupit, naungusan nilupig at iba pa.

**Halimbawa**

Hindi hinayaan ng Lyceum of the Philippines na makalusot ang Colegio de San Juan De Letran nang itarak nito ang 87-82 panalo upang manatiling malinis ang kanilang rekord sa NCAA Season 94 men's basketball tournament kahapon sa The Arena San Juan City.

Mula sa www. Philstar.com/Pilipino Star

## ❖ Iskrip na Panradyo

Ang iskrip ay isang ulat na kinapapalooban ng mga diyalogong binabasa ng *broadcaster* nakasulat nang malinaw at madaling maunawaan at naglalaman ng mahahalagang impormasyon.

**Halimbawa**

**Komentaryong Panradyo Kaugnay ng Pagtaas ng Bilang ng *Covid 19* Cases**

**MSC** : Tunog ng tambol...Boom ...Boom...Boom

**Announcer:** Mula sa bulwagang Pambalitaan ng DZWO, narito ang inyong pinagkakatiwalaang mamamahayag sina Jan Bartolome at Angelo Ortiz at ito ang Kasangga Mo.

**Angelo** : Magandang umaga sa inyong lahat at sa iyo partner!

**Jan** : Magandang umaga rin partner!

**Angelo** : Talaga namang nakababahala ang ulat na inihayag ng WHO kamakailan partner na papunta na sa "red line" ang pagtaas ng bilang ng *Covid19* dito sa ating bansa.

**Jan** : Totoo partner, Sana naman ay huwag na tayong umabot doon. Isang matinding hamon ito ngayon para sa pamahalaan upang masolusyunan ang problemang kinakaharap.

**Angelo** : Siyang tunay partner, ginagawa na ng ating pamahalaan ang lahat ng posibleng maging solusyon upang malutas ito bago pa man tayo makarating sa tinatawag ng WHO na "red line".

**Jan** : Gayonpaman, kinakailangan ang pakikiisa at pagsunod ng lahat upang maging matagumpay ang aksyong gagawin ng ating pamahalaan dahil nasa ating mga mamamayan ang ikatatagumpay nito.

**Angelo** : Walang duda partner! Kaya mga kababayan, mahalaga ang pagsunod natin sa mga health protocols na ipinatutupad ng ating pamahalaan. Nasa atin ang solusyon.

**Jan** : Ating tandaan nasa atin ang solusyon upang mabuhay tayo ng ligtas! At dito nagtatapos ang ating programa ...ako si Jan.

**Angelo** : At ako naman si Angelo,,,,,sa tambalang Kasangga Mo!

# Gawain 1

**Panuto: Basahin at unawain ang ulat. Sumulat ng isang liham sa editor tungkol dito.**

Papunta na sa tinaguriang "red line" ang pagtaas ng Covid19 cases sa Pilipinas, ayon sa World Health Organization-Western Pacific Region.

Ayon sa WHO, paglagpas sa red line ay nangangahulugang nalalagay na sa mahirap na kalagayan ang health care workers kaya dapat umanong gawin ng Pilipinas ang lahat para maiwasan ito.

Iniulat ni Arra Perez TV Patrol, Biyernes, 09 Abril 2021

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

# Tandaan

Ang **Iskrip** ay isang ulat na naglalaman ng mga diyalogong binabasa ng broadcaster na nakasulat nang malinaw, at madaling maunawaan na naglalaman ng mahahalagang impormasyon.

Sa pagsulat ng **balitang isports** dapat tandaan na ito ay nakasulat sa maikling pangungusap o talataan na puno ng maaksiyong salita at gumagamit ng *sports lingo* upang maging makulay ang pagbabalita.

Sa pagsulat ng isang **liham sa editor,** mahalagang malinaw ang mga kadahilanan ng iyong pagsulat at direktang natutukoy ang mga hangarin, mga nais suportahan, pagbati sa isang tao o grupo at pagwawasto sa mga maling impormasyong nailathala sa isang artikulo sa pahayagan.

Ang **ulat** ay naglalayong magpaabot ng makabuluhang impormasyon na naglalaman ng mapagkakatiwalaang datos at matalakay ang isang paksa at matugunan ang isang layunin.

# Pag-alam sa mga Natutuhan

## Gawain 2:

**PANUTO: Mula sa mga detalyeng nasa kahon, bumuo ng balitang isports o pampalakasan.**

**Warriors bigo sa Pelicans, 108-103**

- New Orleans Pelicans wagi laban sa Golden State Warriors
- Nabalewala ang 37-point performance ni Golden State Warriors main man Stephen Curry matapos matalo sa New Orleans Pelicans
- natapos ang laro sa iskor na 108-103
- ginanap ang laban sa Chase Center, San Francisco, California
- Pelicans umarangkada sa $4^{th}$ quarter sa pangunguna ni Lonzo Ball na Humakot ng 33 points,6 rebounds at 4 assits.

Ley Baguio /BNFM

# Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO: Basahin at unawain ang ulat. Sumulat ng iskrip na panradyo tungkol Dito.**

> Sa kabila ng mataas pa ring kaso ng Covid19, ibinaba na sa Modified Enhanced Community Quarantine classification ang NCR plus.
>
> Ayon kay Pres. Spokesperson Harry Roque, inaprubahan ni Pang. Rodrigo Duterte ang paglalagay sa MECQ ng kalakhang Maynila at karatig lalawigan na Bulacan, Laguna at Rizal simula Abril 12 hanggang Abril 30.
>
> philstar .com

**Rubrik sa Pagsulat ng Iskrip, Balita at liham**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN<br>- Pagsunod sa uri at anyong hinihingi<br>- Lawak at lalim ng pagtalakay<br>- | | | | | |
| PAGKAKABUO<br>- Wastong gamit ng wika/salita<br>- Baybay,bantas,estruktura ng mga pangungusap<br>- | | | | | |

5 – Pinakamahusay
4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap
2 – Mapaghuhusay pa
1 – Nangangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay

**Sanggunian**

Slideshare .net
Pluma 8
Brainly,ph
Quizlet, com
10steps.org.
Pilipino Mirror.com
ABS CBN News
phil.star,com
Coursehero.com
Brigada News / BNFM

**SUSI SA PAGWAWASTO**

UNANG PAGSUBOK

1.Liham
2.Ulat
3.Balitang Isports
4.Iskrip
5.Liham sa Editor

**BALIK-TANAW**

1.B
2.C
3.D
4.A
5.C

**GAWAIN 1**

Ang sagot ay ayon sa kasanayang natutuhan ng mag-aaral.(sariling sagot )

**GAWAIN 2**

Sariling sagot ng mag-aaral

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

Sariling sagot ng bata